


Para sa mga estudyanteng papasok sa Senior High School



- 1 Magkaroon ng tiwala sa sarili sa pang-araw-araw na pamumuhay
Baka mahihirapan kayo sa paaralan dahil hindi pa kayo marunong mag-Japanese o nanggaling kayo sa ibang bansa. Pero magkaroong kayo ng tiwala sa sarili sa pamumuhay sa senior high school.

Taong may kasanayan sa wikang Japanese at wikang banyaga ang kinakailangan ng Japan. Ninanais namin na pagbutihin ninyo ang pag-aaral at mapakinabang ang katutubong wika (inyong sariling wika) at wikang Japanese.

- 2 Suporta at Networking events para sa mga estudyanteng nanggaling sa ibang bansa
* Sa ilang mga paaralan tutulungan ka ng supporter para makapag-aral ka nang maayos.

《Proyekto para sa Pagtulong sa mga Paaralan na Nagbibigay ng Edukasyon ng
Wikang Japanese》

- * May mga networking events para sa mga estudyanteng nanggaling sa ibang bansa.

Mayo “Networking event para sa mga senior high school students (Welcome party)”

Miting para sa mga senior high school students na may kaugnayan sa ibang bansa
Mahigit sa 200 na Senior high school students na nasa Osaka ay magtipon-tipon, maglaro, mag-usapan at magsaya.

“Hanmadang”

Miting para sa mga senior high school students na may kaugnayan sa Korea at mga estudyanteng Hapon

Hunyo “WaiWai! Talk Part1” (2nd & 3rd year students)

Ipahahayag ang talumpati sa kani-kanilang wika (katutubong wika).

Oktubre “One World”

Networking event na pwedeng kilalanin ang mga estudyanteng may kaugnayan sa iba’t-ibang bansa.

Nobyembre “Nin Hao Kouryukai”

Miting para sa mga estudyanteng may kaugnayan sa China at Taiwan

Enero “WaiWai! Talk Part2” (1st year students)

Ipahahayag ang talumpati sa kani-kanilang wika (katutubong wika).



3 Mga dapat alalahanin sa pamumuhay sa senior high school

①Pahalagahan ang bawat klase.

- Makinig nang mabuti sa mga panuto at itinuturo ng guro
- Pag kailangang isumite ang homework at kuwaderno (notebook) sa guro, isumite sa itinakdang araw. Isasama sa score ang nilalaman ng mga isusumite sa bawa't klase.
- Sa paaralan ng Japan, bukod sa mga kursong pag-aaral, mayroon ding Sports Day, Cultural Festival, field trip /pag-aaral sa labas ng paaralan, at iba pa. Ang mga school events ay isang bahagi ng kurikulum. Bawal umabsent dito.

②Sumunod sa takdang oras.

- Huwag mahuli sa klase.
- Kung kayo ay umabsent o mahuli sa paaralan, magbigay-alam sa paaralan. Pag-usapan ninyo kung paano kontakin ang class teacher.

③Sumunod sa patakaran.

Sa paaralan ay may patakarang kailangang sundin. Alamin nang mabuti ang mga itinatakda ng iyong paaralan. May mga paaralan na nagpapatupad ng patakaran na bawal ang pagpapakulay ng buhok at pagsuot ng hikaw kaya mag-ingat lang kayo. Kung paulit-ulit kang lalabag sa patakaran, baka suspindihin (*teigaku*) ka. Ang suspensyon / *teigaku* ay kaparusahan na ang estudyante ay hindi pahihintulatang pumasok sa klase o sa paaralan sa loob ng itinakdang panahon (halimbawa: isang linggo). Ang pag-aaway o anumang uri ng karahasan sa paaralan ay magiging dahilan ng suspension / *teigaku* kahit anong dahilan ang mayroon ka.

④Magkaroon ng mga kaibigan.

Kahit hindi kayo magkaintindihan dahil sa wika, kausapin mo sila. Huwag kayong mag-atubiling magtanong sa kanila tungkol sa mga hindi mo maintindihan.



4 Score sa Senior High School

①Paano iulat ang score

- 4~5 beses sa 1 taon ay may eksamen at iulat ang score ayon sa score ng mga eksamen nito.
- Sa score isasama ang ugali sa klase (bawal matulog at makipag-usap) at pagsusumite ng takdang homework at kuwaderno. Siguraduhing magsumite ng mga kailangang isumite.
- Ang bilang ng pagpasok sa klase ay may kaugnayan sa score kaya huwag kang umabsent nang madalas.

②Pag-akyat sa susunod na grado

Sa senior high school, hindi pwedeng umakyat sa susunod na grado (1st year student ay aakyat sa 2nd year) kung mababa ang iyong score. Hindi rin pwedeng umakyat sa susunod na grado kung masyadong marami ang pag-absent. Kung mangyari ito, kailangan mog ulitin ang dapat pag-aralan sa parehong grado.

5 Maaaring gawin pagkatapos ng Senior High School

①Tapusin ang pag-aaral sa senior high school. Sa Japan kung hindi makakakuha ng kwalipikasyon ng pagtatapos (graduasyon) ng senior high school, mahihirapan ka sa paghahanap ng trabaho at sa pagsali sa mga social activity sa kinabukasan.

②Pagpasok sa university / kolehiyo

- Mayroong university / kolehiyong inaasikaso ng bansa o local government (tinatawag na national o public unibersity) at private university. May mga university / kolehiyong talagang mahirap pumasa sa pagsusulit.
- Kailangang kunin ang pagsusulit para makapasok sa university / kolehiyo. May iba't-ibang paraan sa pagsusulit. Mayroon din mga espesyal na pagsusulit para sa mga estudyanteng bumalik mula sa China (pamilyang Japanese na naiwan sa China) sa ilang mga college. Mayroon ding mga espesyal na pagsusulit para sa mga estudyanteng nanggaling sa ibang bansa. Humingi ng payo sa inyong guro para mahanap ang university / kolehiyong nararapat sa iyo.
- Kailangang ihanda ang bayad sa enrollment (*Nyugaku kin*) at matrikula / tuition fee (*Jugyo ryo*) para makapasok sa college / unibersidad. Kailangang bayaran ang halagang mahigit sa 1,000,000yen para sa 1st year kung pribadong college ang pagpipilian. Pwede ninyong gamitin ang scholarship (*shogaku kin*) at education loan (*kyoiku loan*) pero kinakailangang maghanda nang maaga.

③Pagtatrabaho

Kung nais magtrabaho ang estudyante pagkatapos ng senior high school, ang senior high school ay magpapakilala ng trabahuan sa mga nais magtrabaho. Gayunpaman sa pagpapakilala ng trabaho, mauuna ang mga estudyanteng may mga mataas na marka at kaunti ang araw ng pag-absent sa paaralan.